

Resolusyon sa Pinagtatalunang Bagay – Habang Isinasagawa ang Hearing (Paglilitis) at Pagkatapos Nito



TENANT RESOURCE & ADVISORY CENTRE

Unit #150-900 Howe St
Vancouver, BC V6Z 2M4

1-800-665-1185
tenants.bc.ca

Pagsali sa Hearing (Paglilitis)

Ang mga hearing ay ginagawa sa telepono, maliban na lamang kung iba ang nirequest.


Hindi ka tatawagan -- ikaw ang dapat tumawag!

Hanapin sa Notice of Dispute Resolution Proceeding Package ang numerong tatawagan.

Ang mga hearing ay karaniwang nagtatagal ng isang oras pero paminsan-minsan ay maaari itong i-extend o "i-adourn," ibig sabihin itigil nang sandali at ipagpatuloy sa ibang araw.



Ang **arbitrator** ay ang tagagawa ng desisyon, tulad ng isang huwes. Siya'y empleyado ng Residential Tenancy Branch (RTB) para magsagawa ng mga hearing at gumawa ng mga desisyon na dapat sundin, tungkol sa mga legal na bagay na pinagtatalunan ng mga landlord at ng mga tenant.



Karaniwang Istruktura ng Hearing¹

1. Ipapakila ng arbitrator ang kanyang sarili at pagkatapos ay hihilingin niya ang tenant, landlord, at sinumang ibang mga saksi na ipakilala ang kanilang mga sarili.
2. Isasaalang-alang ng arbitrator ang mga isyu sa procedure, tulad ng kung ang mga dokumento ay ibinigay sa tamang paraan at nang napapanahon.
3. Ibibigay ng landlord at ng tenant ang kanilang ebidensiya at ipapaliwanag nila kung paano umaaplay ang batas sa kanilang mga isyu.
4. Maaaring may mga tanong ang arbitrator sa tenant, landlord, at sa kanilang mga saksi. Pagkatapos ay maaaring humingi ang landlord at tenant sa arbitrator ng permisong tanungin ang isa't-isa o ang mga saksi.
5. Oras na naibigay na ng landlord at ng tenant ang kanilang mga ebidensiya at mga argumento, magtatapos na ang hearing.
6. Karaniwang nagbibigay ang arbitrator ng nakasulat na desisyon sa loob ng 30 araw.

Kapag nagbibigay ng ebidensiya:

- **Direktang tukuyin ang iyong ebidensiya** sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga ispesipikong numero ng pahina o mga pangalan ng file. **Hindi** kailangang isaalang-alang ng arbitrator ang ebidensiya kapag hindi mo sila tinukoy sa panahon ng hearing, kahit na kasama ito sa iyong pakete ng ebidensiya.
- **Huwag ipagpalagay na ang arbitrator ay eksperto** sa lahat ng bagay. Ilarawan sa kanya ang iyong ebidensiya at ipaliwanag kung paano nito sinusuportahan ang claims na sinusubukan mong patunayan.
- **Huwag magmadali!** Bigyan ang arbitrator ng panahong magsulat ng notes at maunawaan ang iyong sinasabi.
- Kung nagtatanong ka sa isang saksi, **maghanda ng mga bukás na katanungan bago mangyari ito** para makuha mo ang facts na nagsusuporta sa iyong kaso.





Ang tenants ay may karapatang magkaroon ng makatarungang procedure, ibig sabihin, mayroon silang karapatang mapakinggan.²

Kung hindi ka binigyan ng arbitrator ng sapat na pagkakataong magsalita o magbigay ng iyong ebidensiya, mahalagang sabihin sa kanya na mayroon ka pang sasabihin. Maaari mong hilinging “i-adourn” ang hearing — itigil nang pansamantala at ipagpatuloy sa ibang petsa.

Settlement sa Tulong ng RTB

Sa ilang mga kaso, susubukan ng RTB na tulungan ka at ang iyong landlord na magkasunduan sa isang legally binding settlement (settlement na dapat ipatupad, ayon sa batas), sa halip na magtanghal ng buong hearing.

Huwag mapuwersang pumayag sa isang settlement! Kung hindi kayo ng iyong landlord magkasunduan, magkakaroon ka pa rin ng pagkakataong magkaroon ng hearing.

Ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon

Maghanda! Maaaring mag-iba-iba ang paraan ng arbitrator sa paggawa ng desisyon.

Maaari mong subukang talunin ang desisyon ng RTB sa pamamagitan ng:

1. Pagsumite ng form RTB-6 “Request for Correction” o ng RTB-38 “Request for Clarification”

→ Kung ang desisyon ng RTB ay hindi malinaw o may mali, maaari mong isumite ang RTB sa loob ng **15 araw** ng pagtanggap ng desisyon.

2. Mag-apply para sa Review Consideration sa RTB

→ Kapag lamang ang iyong dahilan para sa review ay nakalista sa Seksyon 79 ng Residential Tenancy Act (RTA).

May iba't-ibang deadlines para mag-apply para sa RTB Review Consideration, depende sa mga sitwasyon na nakalista sa Seksyon 79 ng RTA. Halimbawa, kung natalo ka sa eviction hearing, mayroon kang **2 araw** para mag-apply.³

3. Pag-apply para sa Judicial Review sa Supreme Court (Korte Suprema) ng BC

→ Kung ang isang desisyon ay “talagang hindi makatwiran” o lumalabag sa iyong karapatang magkaroon ng makatwirang procedure, maaari kang mag-apply para sa Judicial Review sa loob ng **60 araw** ng pagtanggap ng desisyon.⁴



Kung plano mong mag-apply para sa Judicial Review – **kontak ang Housing Law Clinic ng TRAC** sa 604-255-3099 (pindutin ang 5) o bisitahin ang aming drop-in centre para sa karagdagang impormasyon.

Ang TRAC ay tumatanggap ng patuloy na suporta mula sa: **Filipino**



Department of Justice
Canada

Ministère de la Justice
Canada

Ito'y pangkalahatang impormasyon na umaaplay sa British Columbia, Canada. Hindi magagarantiya ng TRAC na ito ang kasalukuyang bersiyon at na ito'y kompleto. Ang fact sheet na ito ay hindi dapat ituring na legal na payo para sa mga ispesipikong legal na problema. Gamitin sa sarili mong kapahamakan at konsultahin ang isang abogado kung kailangan mo ng legal na payo. V1 July, 2025.

Para sa Karagdagang Impormasyon

1. Tingnan ang RTB Rules of Procedure para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng resolusyon sa pinagtatalunang bagay.
2. Tingnan ang webpage ng TRAC na pinamagatang “Paglahok sa isang Hearing” para sa impormasyon tungkol sa pagiging makatwiran ng procedure.
3. Tingnan ang Seksyon 80 ng RTA para sa iba't-ibang deadlines.
4. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng Judicial Review, bisitahin ang judicialreviewbc.ca.